






# Ang Inahin at ang Agila

## Poule et Aigle



-  Ann Nduku
-  Wiehan de Jager
-  Karla Comanda
-  Tagalog / French
-  Level 3



Noong unang panahon, magkaibigan sina Inahin at Agila. Mapayapa silang nanirahan kasama ang ibang mga ibon. Walang nakalilipad sa kanila.

...

Il était une fois, Poule et Aigle étaient amis. Ils habitaient en paix avec tous les autres oiseaux. Pas un seul pouvait voler.



Isang araw, nagkaroon ng tagtuyot sa nayon. Kinailangang maglakad ng malayo ni Agila. Bumalik na sobrang pagod si Agila. “Siguro naman mayroong mas madaling paraan para maglakbay,” sabi ni Agila.

...

Un jour, il a eu une famine dans le pays. Aigle devait marcher très loin pour trouver de la nourriture. Elle revenait épuisée. « Il doit avoir une façon plus simple de voyager ! » dit Aigle.



Matapos makatulog ng mahimbing noong gabi, nagkaroon ng magandang ideya si Inahin. Nagsimula siyang mag-ipon ng mga nalaglag na pakpak sa kanilang mga kaibigang ibon. “Tahiin natin ang mga ito sa ibabaw ng mga pakpak natin,” sabi niya. “Marahil siguro ay mapapadali nito ang paglalakbay natin.”

...

Après une bonne nuit de sommeil, Poule eut une idée de génie. Elle commença à recueillir les plumes tombées de tous leurs amis oiseaux. « Cousons-les ensemble par-dessus nos propres plumes, » elle dit. « Peut-être que cela rendra nos voyages plus simple. »



Tanging si Agila lang ang may karayom sa kanilang nayon, kaya nauna siyang manahi. Naghabi siya ng napakagandang pares ng mga pakpak at lumipad sa taas ni Inahin. Hiniram ni Inahin ang karayom ngunit agad siyang napagod sa pananahi. Iniwang niya ang karayom sa paminggalan at nagtungo sa kusina para maghain ng pagkain para sa kanyang mga anak.

...


Aigle était la seule dans le village avec une aiguille, alors elle commença à coudre en premier. Elle se fabriqua une belle paire d'ailes et vola au-dessus de Poule. Poule emprunta l'aiguille, mais elle se fatigua de coudre. Elle laissa l'aiguille sur l'armoire et se rendit dans la cuisine pour préparer de la nourriture pour ses enfants.



Ngunit nakita ng ibang mga ibon na lumipad palayo si Agila. Nakiusap sila kay Inahin na ipahiram sa kanila ang karayom para makapaghabi rin sila ng sarili nilang mga pakpak. 'Di naglaon ay nagsisiliparan na rin sa langit ang ibang mga ibon.

...

Mais les autres oiseaux avaient vu Aigle s'envoler. Ils demandèrent à Poule de leur prêter l'aiguille pour qu'ils puissent se faire des ailes aussi. Bientôt il y avait des oiseaux qui volaient partout dans le ciel.



Wala si Inahin nang ibinalik ng huling ibon ang hiram na karayom. Kinuha ng mga anak niya ang karayom at pinaglaruan ito. Nang magsawa sila sa paglalaro, iniwan nila ang karayom sa buhangin.

...

Quand le dernier oiseau retourna l'aiguille empruntée, Poule n'était pas là. Donc, ses enfants prirent l'aiguille et commencèrent à jouer avec elle. Lorsqu'ils se fatiguèrent de ce jeu, ils laissèrent l'aiguille dans le sable.



Bumalik si Agila kinahapunan. Hinanap niya ang karayom para tagpiin ang mga balahibong lumuwag sa kanyang paglalakbay. Naghanap si Inahin sa paminggalan. Naghanap siya sa kusina. Naghanap siya sa bakuran. Pero hindi niya mahanap ang karayom.

...

Plus tard cet après-midi, Aigle revint. Elle demanda d'avoir l'aiguille pour réparer quelques plumes qui s'étaient desserrées durant son voyage. Poule jeta un coup d'œil sur l'armoire. Elle regarda dans la cuisine. Elle regarda dans la cour. Mais l'aiguille ne pouvait pas être retrouvée.





“Bigyan mo ako ng isang araw,”  
pagmamakaawa ni Inahin kay Agila.  
“Pagkatapos ay puwede mo nang tagpiin  
ang pakpak mo para makalipad ka’t  
makahanap ng pagkain.” “Isang araw  
lang,” sabi ni Agila. “Kung hindi mo  
mahanap ang karayom, kailangan mong  
ibigay ang isa sa iyong mga sisiw bilang  
kabayaran.”

...

« Donne-moi un autre jour, » Poule  
supplia Aigle. « Ensuite, tu pourras réparer  
ton aile et t’envoler pour aller chercher de  
la nourriture encore une fois. » «  
Seulement un autre jour, » dit Aigle. « Si tu  
ne peux pas trouver l’aiguille, tu devras  
me donner un de tes poussins comme  
paiement. »



Nang bumalik si Agila kinabukasan, natagpuan niyang nagkukumahog sa buhangin si Inahin, pero wala ang karayom. Kaya bumulusok pababa si Agila at hinuli ang isa sa mga sisiw. Itinakas niya ito. Mula noon, sa tuwing nagpapakita si Agila, nakikita niya si Inahin na nagkukumahog sa buhangin para hanapin ang karayom.

...

Quand Aigle arriva le jour suivant, elle trouva Poule en train de gratter dans le sable, mais pas d'aiguille. Alors, Aigle descendit très vite en vol, attrapa un des poussins et l'emporta avec elle. À jamais après cela, chaque fois qu'Aigle apparaî, elle trouve Poule qui gratte dans le sable pour essayer de retrouver l'aiguille.



Sa tuwing pumapanaog ang anino ng pakpak ni Agila sa lupa, binabalaan ni Inahin ang kanyang mga sisiw. “Umalis kayo sa hubo at tuyong lupain.” At sagot nila, “Hindi kami mga mangmang. Tatakbo kami.”

...

Lorsque l’ombrage de l’aile d’Aigle tombe par terre, Poule avertit ses poussins. « Tassez-vous du terrain sec et dégagé. » Et ils répondent, « Nous ne sommes pas imbéciles. Nous courrons. »



# Storybooks Canada

[storybookscanada.ca](http://storybookscanada.ca)

## Ang Inahin at ang Agila

### Poule et Aigle

Written by: Ann Nduku

Illustrated by: Wiehan de Jager

Translated by: (tl) Karla Comanda, (fr) Alexandra Danahy

This story originates from the African Storybook ([africanstorybook.org](http://africanstorybook.org)) and is brought to you by [Storybooks Canada](http://Storybooks Canada) in an effort to provide children's stories in Canada's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons  
[Attribution 3.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/3.0/).